

22. Buksan Mo ang puso ng mga kababaihang Norwegian na maniwala sa Iyo at yakapin ang Iyong pag-ibig at kabutihan, Panginoon. Mapagaling nawa sila mula sa nararamdamang kahihyan, pagkakonsensiya at pagkatakwil at tanggapin ang Iyong pag-ibig, pag-aaruga at habag. (Rom 8:1)

23. Ama, dalangin namin ang Iyong proteksiyon sa isipan at puso ng mga mag-aaral sa France. Masumpungan nawa ng bawat estudyante ang kahalagahan ng kanilang pagkakakilanlan sa Iyong katotohanan. (Ps. 100:3)

24. Ipinapanalangin namin ang kagalingan ng mga kababaihan sa Italia na nakakaranas ng *psychological* na karahasan. Putulin Mo ang kadena ng kaaway, Ama, at tulungan Mo ang mga kababaihang ito na makasumpung ng kanlungan sa Iyong Salita at makahanap ng tamang pagtrato na kailangan nila. (John 8:32)

25. Salamat Panginoon na ang mga Kristiyanong paaralan sa Netherlands ay nakatanggap ng pondo sa loob ng 100 na taon. Patuloy sana na magkaroon ng mga lugar kung saan ay naituturo at tinatanggap ang biblika na katotohanan. (Titus 2:1)

26. Dinadala namin sa Iyo, Panginoon, ang 50,000 na naninirahan sa Faroe Islands. Kahit na magkakahiwalay sila sa 18 na isla, bigyan Mo ng pagkakaisa at espiritu ng iisang lipunan ang mga mamayan doon. (Col. 3:14)

27. Mapalapit sana sa mga programa ng *Women of Hope* ang mga kababaihan sa Russia, at masumpungan nila ang mapagmahal na Ama na nagnanais magbigay ng kagalingan sa kanilang mga pusong naghihinagpis. (Ps. 34:18)

28. Salamat Panginoon na ang mga bagong mananampalataya sa Switzerland ay nagnanais ibigay ang kanilang mga buhay sa pananampalatayang Kristiyano. Nawa ay patuloy silang lumago at lumalim ang relasyon sa Iyo. (1 Pet. 2:2)

29. Ama, hinihiling namin sa Iyo na ang mga tao sa Bosnia-Herzegovina ay magkasundo at magkaisa sa kapayapaan. Bigyan Mo ng karunungan ang mga pangulo ng bansa sa paggawa nila ng mga desisyon para sa kanilang nasyon. (Rom. 12:18)

30. Panginoon, nakita Mo kung paanong inaayawan ng mga kabataan ang relihiyon. Masumpungan nawa ng mga kabataan sa Czechia si Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon at umusbong ang bagong henerasyon ng mga mananampalataya doon. (Eccles. 12:1)



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



### 2022. 04. Panalangin para sa mga kababaihan sa rehiyon ng CAMENA

Ang CAMENA ay daglat na ginawa ng TWR para sa mga rehiyon na binubuo ng Central Asia, Middle East at North Africa. Minsan ay ilegal ang maging Kristiano sa lugar na ito, kaya sila ay inaaresto, tinatanong, at kinukulong. Maraming kababaihan sa lugar ng CAMENA ay tinuturuan na sila ay walang halaga. Idalangin natin na ang programa ng Women of Hope ay magkapagbigay sa kanila ng kaalaman, pananampalataya, kaaliwan at pag-asa sa Diyos.

#### 후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

### TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

## Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, bigyan Mo ng kagalingang emosyonal at pisikal ang maraming kababaihan sa Russia na naka *subscribe* sa *instagram page* ng TWR *Women of Hope* at humiling ng panalangin dahil hindi sila magkaanak. (Ps. 119:76)
2. Ama, magdala Ka nawa ng mga tao upang tulungan ang mga balo sa Albania, hikayatin sila tungo sa espiritual na pamumuhay, at pangunahan sila tungo sa emosyonal na kagalingan at kakayahang magkaroon ng sariling kabuhatan. (Ps. 68:5)
3. Aming Diyos, magkaroon sana ng muling pagbangon ang mga mananamplata sa Denmark. Buksan Mo ang kanilang mga mata na kailangan nilang magbasa ng lyong Salita at manalangin araw-araw. Malaman sana ng mga nanay at mga lola ang espiritual na kahalagahan nila bilang tagapagsalita tungkol sa lyong buhay sa puso ng kanilang mga anak at mga apo. (Prov. 7:1-3)
4. Panginoon, ang mga kababaihan na galing sa *Italian refugee at asylum system* ay sobrang sakit ang pinagdanaan. Tulungan Mo ang mga may kapangyarihan upang makita at aksiyonang ang kanilang mga pangangailangang medikal, pisyolohikal at serbisyong legal. (Ps. 56:8)
5. Maraming mga kabataang babae sa Sweden ang gumugugol ng maraming oras sa *internet* dahil sa kanilang kalungkutan. Dalangin namin ang emosyonal, pisikal at espiritual na proteksiyon Mo sa kanila, Ama. Huwag sana silang maging biktima ng pamimilit o panginigkil. (Prov. 4:23)
6. Panginoon, bigyan Mo po ang grupo sa Serbia ng kahusayan kung paano maimpluwensiyahan ang espiritual na pamumuhay ng mga kababaihan. Gamitin Mo ang programang *Women of Hope* at ang *prayer calendar* upang mapalapit sa Iyo ang mga kababaihan sa pamamagitan ng panalangin at pagbabasa ng lyong Salita. (Eph. 4:15)
7. Buhayin Mong muli ang mga kababaihan sa Norway, Panginoon. Matuto sana silang maglaan ng oras at unahin ang panalangin at pagbabasa ng lyong Salita sa gitna ng kanilang kaabalahan. (Matt. 6:33)

8. Ama, panalangin namin ang kagalingan ng mga batang babae at lalaki sa Greenland na nakasaksi at nakaranas ng pang-aabusong sekswal at *incest*. Gumawa ka rin sa buhay ng mga ina at ama na irespeto, mahalina at alagaan nila ang kanilang mga anak. (Eph. 6:4)

9. Purihin ang Diyos sa lumalawak na impluwensya ng lokal na *Christian radio* sa lipunan ng French. Mula noong 1981, ang stasyon ng radyo ay nagsasahimpapawid sa buong nasyon ng magaganda at maka Diyos na tema. (Eph. 3:20-21)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.  
Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)  
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660  
Facebook: TWR Phils

10. Panginoon, panalangin namin ang magandang pagtanggap sa *Hidden Treasures audio series* sa *German congress* laban sa *human trafficking* sa Mayo. Nawa ay tanggapin ito ng mga manggagawang panlipunan at mga organisasyon bilang mabisang kasangkapan. (Matt. 13:44)

11. Ama, bigyan Mo ng tapang at karunungan ang bagong gobyerno ng Netherlands, lalong lalo na ang mga miyembro na pananampalataya. Sana ay gamitin nila ang lyong pamantayan bilang gabay sa paggawa nila ng mahalagang desisyon tungkol sa pampublikong kalusugan, pabahay at gawaing medikal. (Ps. 72:1-20)

12. Panginoon, buksan Mo ang mga puso ng kababaihan sa Roma sa Bulgaria tungo sa lyong kaligtasan at karunungan sa pagpapalaki ng kanilang pamilya. Tulungan Mo sila na malagpasan ang mga balakid na sosyal at edukasyonal na kanilang kinakaharap. (Luke 18:27)

13. Pinupuri Ka namin, Panginoon, dahil sa nakolektang handog sa kongregasyon ng Finnish at Swedish Lutheran na itutulong sa pagsuporta sa mga programa ng *Women of Hope* na itataguyod ng mga kamanggagawa sa Finland. (Luke 6:38)

14. Ama, Ikaw ang aming Tagapagtustos. Gabayan Mo ang mga Croatian na kababaihan tungo sa magandang trabaho na makakapagsuporta sa kanilang mga pamilya. Magkaroon sana sila ng kalakasan na nagmumula sa Iyo. (Phil. 4:19)

15. Panginoon, salamat sa grupo ng TWR *Women of Hope* sa Portugal. Bigyan Mo sana sila ng pagkakaisa ng puso at pangitain, at gabayan Mo sila sa pagpapalago ng pinansiyal at karagdang miyembro ng grupo na kailangan para makapagministro sa kababaihan sa Portugal. (Phil. 2:2)

16. Panginoon, panalangin namin na ang mga kababaihan mula sa ibang bansa na naninirahan sa Faroe Islands ay tanggapin sa mga pamayanan. Dalhin Mo ang Kristiyanong pananampalataya sa mga pamilya. (Exod. 23:9)

17. Ama, palakasin Mo ang mga kababaihan sa Romania na nagdadala ng pagkain at pangunahing pangagailangan gayun din ng pagmamahal at makadiyos na payo sa mga pamilyang naapektuhan ng Covid-19. Dalhin nawa nila ang lyong kaaliwan sa mga nagluluksa na nawalan ng mahal sa buhay. (John 11:25)

18. Dahil sa pandemic, maraming tao sa Spain ang nagdurusa mula sa pagkakahiwalay sa kanila, pag-iisa at kalungkutan. Dalangin namin na makilala Ka nila, Diyos ng kapayapaan. (John 14:27)

19. Panginoon, dalangin namin na ang mga taga Switzerland ay maging mausisa tungkol sa Kristiyanong paniniwala at maging bukas sa pag-aaral ng katotohan nito. (Isa. 26:9)

20. Ama, ipinapanalangin namin ang mga lalaki at ang mga nagagamit sa *trafficking* sa mga kababaihan na kung ituring ay parang mga kalakal. Mangusap Ka sa kanilang mga puso at tumalikod sila sa kasamaan, at magtungo sa Iyo at sa bagong buhay. (Isa. 1:16)

21. Panginoon, ibigay Mo ang lyong habag at karunungan sa mga nagmiministro sa mga kababaihang nasa kulungan sa Albania. Salamat sa mga Kristiyanong organisasyon tulad ng Shkbsb na tumutulong sa mga babaeng nakakulong na makahanap ng pag-asa kay Hesus. (Heb. 13:3)